NSW Health

Tigdas

Papel na pangkaalaman

Measles - Fact sheet

Filipino

Mga mahahalagang detalye

- Ang tigdas (measles) ay isang lubos na nakakahawang sakit na dala ng virus na nakakasanhi ng pantal at lagnat.
- Ang tigdas ay maaaring magdulot ng matinding mga komplikasyon na kabilang ang pulmonya at encephalitis at maaaring mangangailangan ng pagpapa-ospital.
- Ang pagbabakuna ang pinakamahusay na paraan upang mapigilan ang pagkakasakit at ang pagkalat ng tigdas. Bihira ang tigdas sa Australia dahil ang pagbabakuna ay epektibo sa pagpigil ng sakit.
- Ang pagbabakuna laban sa tigdas ay nananatiling mahalaga dahil maaaring dala-dala ang virus pagkatapos na makabalik mula sa ibang bansa.
- Ang tigdas ay karaniwan pa rin sa maraming mga bansa na dinadalaw ng mga Australyano para sa bakasyon o kaya'y upang mabisita ang pamilya at mga kaibigan.
- Kung sa palagay mo ay may tigdas ka, tumawag sa iyong doktor nang antimano upang malimitahan nila ang iyong pagkakalantad sa ibang tao kapag darating ka.

Ano ang tigdas?

Ang tigdas ay isang lubos na nakakahawang sakit na dala ng virus na maaaring magdulot ng mga matinding komplikasyon. Nananatili itong isang karaniwang sanhi ng pagkamatay sa mga bata na wala pang 5 taong gulang sa ilang bahagi ng mundo.

Noong nakaraan, ang impeksyon ng tigdas ay napaka-karaniwan sa kamusmusan sa Australia. Karamihian sa mga tao na isinilang bago 1966 ay maaaring nahawaan na ng tigdas bilang isang bata at malamang na immune (may panangga sa sakit).

Salamat sa pagbabakuna, ang tigdas ay naging bihira na sa Australia.

Gayunpaman, ang tigdas ay nananatiling karaniwan sa maraming bahagi ng mundo, at patuloy pa rin ang mga malalaking pagsiklab sa ilang mga bansa. Ang mga taong naglalakbay sa ibang bansa o dumadating sa Australia ay maaaring magdala nitong sakit, na nagdudulot ng mga pagsiklab sa komunidad. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na masigurong nabakunahan ka laban sa tigdas upang makatulong na maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong komunidad.

Mahalaga na masiguro na ang sinumang ipinanganak noong 1966 at pagkatapos nito ay nakatanggap ng dalawang dosis ng bakuna laban sa tigdas.

© NSW Ministry of Health. SHPN (CDB) 250443-4. March 2026

Ano ang mga sintomas ng tigdas?

Ang unang mga sintomas ay lagnat, pagkapagod, ubo, sipon, namamagang pulang mata at masamang pakiramdam. Pagkaraan ng ilang araw, may lilitaw na pantal. Magsisimula ang pantal sa mukha, kakalat na pababa sa katawan at magtatagal ng 4-7 araw. Hindi makati ang pantal. Ang ilang tao, lalo na ang mga musmos, ay maaari ring magkaroon ng pagtatae.

Ang mga sintomas ng tigdas ay karaniwang nagsisimula ng 10 araw pagkatapos na malantad sa virus ngunit kung minsan ay maaari na magtatagal ng kasing kaunti ng pito o kasing dami ng 18 araw upang lumitaw. Ang pantal ay karaniwang lilitaw ng mga 14 na araw pagkatapos ng pagkakalantad sa virus ng tigdas.

Ang tigdas ay isang malalang sakit. Hanggang sa isang katlo ng mga tao na may tigdas ay may mga komplikasyon at marami ang nangangailangan ng pagpapa-ospital. Maaaring kabilang sa mga komplikasyon ng tigdas ang impeksyon sa tainga, pagtatae, at pulmonya. Humigit-kumulang isa sa bawat 1000 taong may tigdas ang nagkakaroon ng encephalitis (pamamaga ng utak).

Paano kumakalat ang tigdas?

Ang tigdas ay karaniwang kumakalat kapag hininga ng isang tao ang virus ng tigdas na iniubo o ibinahin sa hangin ng isang nahawahang tao.

Ang tigdas ay isa sa mga pinakamadaling ihawa sa lahat ng mga impeksyon ng tao. Ang pagiging nasa loob lamang ng silid na kasama ang isang tao na may tigdas ay maaaring magreresulta ng impeksyon.

Ang mga taong may tigdas ay kadalasang nakakahawa bago pa lang na mag-umpisa ang mga sintomas hanggang sa apat na araw pagkatapos na lumitaw ang pantal.

Sino ang nanganganib na magkaroon ng tigdas?

Ang mga tao ay nanganganib na magka-tigdas kung:

- hindi pa sila kailanman nagkaroon ng impeksyon ng tigdas **o**
- hindi pa sila nagkaroon ng dalawang dosis ng bakuna na naglalaman ng tigdas **o**
- sila ay may huminang sistema na panangga sa sakit (hal., mga tao na nakakatanggap ng chemotherapy o radiotherapy para sa kanser o mga tao na umiinom ng mataas na dosis ng mga steroid na gamot) kahit na sila ay lubos nang nabakunahan o naging impektado na noon ng tigdas **at**
- nagkaroon ng kontak sila sa isang tao na may impeksyon ng tigdas.

Nananatiling karaniwan ang tigdas sa maraming mga bansa at kadalasang nangyayari ang mga malalaking pagsiklab. Ang mga taong pumupunta sa ibang bansa ay nanganganib na magkatigdas kung sila ay hindi immune (walang panangga sa sakit).

Paano mapigilan ang tigdas?

Pagbabakuna

Ang pinakamabuting proteksyon laban sa tigdas ay ang pagpapabakuna. Ang dalawang dosis ng bakuna laban sa tigdas (na hindi bababa sa apat na linggo ang pagitan) ay nakakapagbigay ng pangmatagalang, posibleng panghabang-buhay na proteksyon sa 99% ng mga nabakunahang tao.

Ang mga taong nagbabalak na magpunta sa ibang bansa ay dapat na makipag-usap sa kanilang GP (doktor ng pamilya) o parmasyutiko tungkol sa pagbabakuna, tingnan na ang kanilang pagbabakuna ay napapanatiling napapanahon, at siguraduhin na sila ay lubos na nabakunahan laban sa tigdas bago umalis mula sa Australia.

Sa Australia, ang dalawang dosis ng bakuna laban sa tigdas ay inaalok sa mga bata sa ilalim ng National Immunisation Program (NIP) na libre sa:

- 12 buwan ang edad bilang bakuna laban sa measles-mumps-rubella (MMR)
- 18 buwan ang edad bilang bakuna laban sa measles-mumps-rubella-varicella (MMRV).

Ang mga bakunang ito ay nagbibigay ng proteksyon laban sa beke (mumps), German measles (rubella), at bulutong (varicella) pati na ang tigdas.

Ang mga taong nagbabalak na magpunta sa ibang bansa na may mga anak na nasa pagitan ng 6 at 18 buwan ang edad ay dapat na pag-usapan ang kanilang balak sa kanilang GP, dahil ang mga bata na pupunta sa mga lugar na may mataas na panganib ng tigdas ay maaaring maagang makakuha ng bakuna laban sa tigdas.

Ang sinumang ipinanganak noong 1966 at pagkatapos ng taong 1966 na hindi kailanman nagkaroon ng impeksyon ng tigdas ay dapat na makipagkita sa kanilang doktor upang masiguro na nagkaroon sila ng dalawang dosis ng bakuna laban sa tigdas na hindi bababa sa apat na linggo ang pagitan. Kung hindi, ang bakuna ay libre sa NSW.

Ligtas ang magkaroon ng bakuna na higit sa dalawa, sa gayon ay dapat na magpabakuna ang mga taong hindi sigurado.

Ang mga bakuna laban sa tigdas ay maaaring makuha sa NSW mula sa mga general practitioner (doktor ng pamilya) at mga registered pharmacist immuniser (rehistradong parmasyutikong nagbabakuna).

Ang mga pharmacist immuniser ay hindi maaaring magbigay ng bakuna laban sa tigdas sa mga bata na wala pang 5 taong gulang.

Para sa sinumang walang ebidensya ng dalawang dosis ng bakuna laban sa tigdas (na hindi humihingi ng bakuna sa ilalim ng NIP), ang bakuna mismo ay magiging libre, gayunpaman, ang parmasyutiko o doktor ay maaaring maningil ng bayad sa serbisyo (service fee) upang ibigay ang bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Mga Kadalasang Itinatanong sa Pagbabakuna Laban sa Tigdas.

Iwasan ang ibang tao kung mayroon kang mga sintomas

Ang mga tao na may mga sintomas ng tigdas ay dapat na tumawag nang antimano kapag dadalaw sa mga pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan (tulad ng isang emergency department o GP), upang ipaalam sa mga kawani ang kanilang mga sintomas, upang maaari silang ihiwalay pagdating nila upang limitahan ang potensyal na panghahawa ng tigdas sa iba.

Ang mga taong may tigdas ay dapat na manatili sa bahay hanggang sila ay hindi na nakakahawa (ibig sabihin, hanggang apat na araw pagkatapos na magsimula ang pantal) upang mabawasan ang panganib ng pagkahawa nito sa ibang tao.

Paano ma-diagnose ang tigdas?

Ipinapalagay ang tigdas kapag ang isang tao ay may masamang pakiramdam, may ubo, tumutulong sipon o sore eyes at lagnat na sinusundan ng isang pantal.

Kapag may suspetsa ng pagkakaroon ng tigdas, dapat na kolektahin ang mga sample mula sa ilong, lalamunan, at ihi upang kumpirmahin ang diagnosis. Maaari ring isagawa ang isang pagsusuri ng dugo.

Mahalaga na kumpirmahin ang diagnosis dahil nagbibigay-daan ito ng agarang pampublikong follow-up sa kalusugan ng ibang mga tao na nanganganib na mahawaan ng tigdas.

Paano ginagamot ang tigdas?

Walang partikular na paggamot sa tigdas. Ang mga tao na may impeksyon ng tigdas ay karaniwang pinapayuhan na magpahinga, uminom ng maraming likido, at uminom ng paracetamol upang gamutin ang lagnat.

Para sa karamihang mga tao, ang sakit ay maaaring sapat na dahilan upang mangangailangan ng pagpapa-ospital.

Ano ang tugon ng pampublikong kalusugan sa tigdas?

Dapat na ipagbigay-alam ng mga doktor, ospital at mga laboratoryo, mga paaralan, at mga sentro ng pangangalaga ng bata ang mga kaso ng tigdas sa lokal na Public Health Unit.

Ang mga kawani ng Public Health Unit ay makikipanayam sa doktor at pasyente (o mga tagapag-alaga) upang malaman kung paano nangyari ang impeksyon, tukuyin ang ibang mga tao na nanganganib na mahawahan, magsagawa ng mga hakbang sa pagkontrol (tulad ng pagbabakuna at mga paghihigpit sa pagdalo ng paaralan o trabaho), at magbigay ng iba pang mga payo.

Ang mga taong may tigdas ay dapat na manatili sa bahay at hindi dumalo sa trabaho, paaralan o nursery at mga serbisyo ng pangangalaga nang hindi bababa sa apat na araw pagkatapos na lumitaw ang pantal.

Ang **Measles: Information for Contacts form** ay naglalaman ng nakakatulong na impormasyon para sa mga clinician (doktor) na ibibigay sa mga taong nagkaroon ng kontak sa taong may tigdas, kasunod ng pagtatasa at/o pagbibigay ng post exposure prophylaxis.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, pakitawagan ang iyong lokal na Public Health Unit sa 1300 066 055.

Kung kayo, o ang inyong anak, ay may mga sintomas ng tigdas at kayo ay nababahala, agarang makipag-usap sa inyong doktor, o sa isang emerhensya, tumawag sa 000. Para sa payo sa kalusugan, maaari rin kayong tumawag sa Healthdirect sa 1800 022 222 para sa libreng 24-oras na payo sa kalusugan o makipag-usap sa inyong lokal na parmasyutiko.

© NSW Ministry of Health. SHPN (CDB) 250443-4. March 2026